Sa lahat ng mga dayuhan

Tagalog（フィリピノ語）



# Maligayang pagdating sa Mie!

Makikita sa flyer na ito ang mahahalagang impormasyon para sa mga dayuhan na naninirahan sa Mie. Gamitin ito tuwing kayo ay may problema. Susuportahan namin kayo sa inyong araw-araw na pamumuhay!
*Ang impormasyon na makikita dito ay mula sa Nobyembre 2025.

Ang mga anunsyo mula sa Mie ay available sa 7 wika.
(Magiging 8 wika mula Abril 2026)

MieInfo

## Araw-araw na pamumuhay sa Japan

**Immigration Services Agency**
**Gabay sa Araw-araw na Pamumuhay at Pagtatrabaho**

Makikita dito ang impormasyon na makakatulong sa iyong ligtas na araw-araw na pamumuhay sa Japan. Kabilang ang mahahalagang tuntunin tungkol sa trabaho, pera, atbp.

● Available ito sa 19 na wika
(kabilang ang Simpleng Wikang Hapon)

**Immigration Services Agency**
**Orientation Video sa Araw-araw na Pamumuhay**

Mapapanood dito ang mga video ng mga patakaran para sa iyong ligtas na araw-araw na pamumuhay at pagtatrabaho sa Japan.

● Available ito sa 17 wika.

## Emergency/Sakuna

**Bosaimie.jp (防災みえ .jp)**

Makikita dito ang impormasyon tungkol sa mga sakuna tulad ng malakas na pag-ulan o bagyo, lindol, at tsunami.

● Available ito sa 8 wika

**Mie Disaster Multilingual Support Center**

Kung magkaroon ng malakas na lindol o tsunami, ang mga kinakailangang impormasyon ay isasalin sa iyong wika at ipapadala. Maaari din humingi ng payo sa anumang mga problema na nararanasan sa panahon ng sakuna.
Telepono: 080-3300-8077 (libreng konsultasyon)
Email: saigai.tagengo.mie@gmail.com
Mga Wika: Simpleng Wikang Hapon, Portuges, Vietnamese, Ingles, Espanyol

## Sakit/Injury

**Medical Network – Mie**

Maaaring maghanap ng mga ospital at pharmacy malapit sa iyong tinitirahan.

● Available ito sa 5 wika

**Mie Children's Medical Hotline**

Naranasan mo na bang magkaproblema dahil ang iyong anak ay nagkaroon ng lagnat sa araw ng pahinga o sa kalagitnaan ng gabi? Maaaring tumawag upang humingi ng payo kung ang iyong anak ay may sakit o injury.
Telepono: #8000 (libreng konsultasyon)

● Available ito sa 22 wika

## Pagaaral ng Wikang Hapon

**Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology**
**TSUNAHIRO**

Maaaring mag-aral ng wikang Hapon na magagamit sa araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng mga video. Maaaring panoorin ang mga ito sa anumang oras gamit ang iyong smartphone o PC.

● Available ito sa 19 na wika

**Mie International Exchange Foundation**
**Japanese Language Classroom Map**

Maaaring maghanap ng mga Japanese Language classroom na malapit sa iyong tinitirahan upang matuto ng wikang Hapon.

● Available ito sa iba pang wika

Maaaring kumonsulta tungkol sa kahit anong hindi mo naiintindihan!

# Mie Foreigner Consultation Support Center (MieCo)

## 080-3300-8077 (libreng konsultasyon)

Tingnan dito para sa karagdagang detalye▲

| | |
|---|---|
| Mga oras na maaaring kumonsulta | 9:00 AM hanggang 4:00 PM |
| Mga araw na maaaring kumonsulta | Lunes hanggang Biyernes (maliban sa Sabado at Linggo, mga holiday, at holiday sa Bagong Taon) |
| Mga wikang available sa konsultasyon | Wikang Hapon, Ingles, Portuges, Espanyol, Tagalog, Intsik, Koreano, Vietnamese, Nepalese, Indones, Thai |

### Konsultasyon sa mga Espesyalista

- Tungkol sa Batas
- Residential Status
- Konsultasyon sa Mental Health



Maaaring kumonsulta nang libre sa mga abogado, mga opisyal ng Nagoya Immigration Bureau, at mga clinical psychologist.

Nakatakda ang mga araw na maaaring kumonsulta.

Tumawag sa telepono upang mag-set ng appointment.




### Mie Disaster Prevention Navigation

Maaaring gamitin ang mapa upang hanapin kung saan dapat lumikas sa panahon ng sakuna. Makikita dito ang Hazard Map (ang mapa ng mga mapanganib na lugar dahil sa lindol, tsunami, at bagyo).

- Available ito sa 8 wika

iOS Android

### NHK WORLD-JAPAN

Makikita dito ang mga balita mula sa Japan at sa buong mundo. Ipapadala sa iyong smartphone ang impormasyon tungkol sa mga lindol, tsunami, at iba pang mga sakuna.

- Available ito sa iba pang wika

iOS Android

### Safety tips

Ang gobyerno ay magpapadala sa iyong smartphone ng impormasyon tungkol sa mga sakuna. Makakakuha ka ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon sa panahon ng lindol o tsunami.

- Available ito sa 15 wika

iOS Android

### VoiceTra

Available sa 31 wika ang interpretasyon o pagsasalin ng iyong mga salita. Makakatulong ito sa tuwing makikipag-usap sa mga tao mula sa ibang bansa.



iOS Android